

Abiso sa Mga Pasyente at Mga Magulang Para sa Tala ng Pagpapabakuna

Ang mga pagpapabakuna o ‘mga turok’ ay nakapipigil sa malalang mga sakit. Ang mga screening na pagsusuri sa Tuberculosis (TB) ay nakatutulong para matukoy kung mayroon kang impeksyon sa TB at maaaring kailanganin sa paaralan o trabaho. Ang pagsubaybay sa mga bakuna/pagsusuri sa TB na natanggap ay mahirap. Lalong mahirap kung mahigit sa isang doktor ang nagbigay ng mga iyon. Ngayon, gumagamit ang mga doktor ng ligtas na computer system na tinatawag na immunization registry o tala ng pagbabakuna para mapanatiling nasubaybayan ang mga bakuna at pagsusuri sa TB. Kapag nagpalit ka ng mga doktor, magagamit ng bago mong doktor ang tala para makita ang record ng bakuna/pagsusuri sa TB. Karapatan mong limitahan kung sino ang maaaring mag-access ng mga record mo sa California Immunization Registry (CAIR).

Paano Makatutulong Sa Iyo ang Tala?

- Nasubaybayan ang lahat ng bakuna at mga pagsusuri sa TB (mga skin test/ chest x-ray), upang hindi mo makaligtaan ang alinman o makatanggap nang napakarami
- Nagpapadala ng mga paalala kung kailangan mo o ng anak mo ng mga bakuna
- Nagbibigay sa iyo ng kopya ng bakuna/record sa TB mula sa doktor
- Nagpapakita ng patunay tungkol sa mga bakuna/pagsusuri sa TB na kailangan para simulan ang pangangalaga sa bata, paaralan, o sa bagong trabaho

Paano Makatutulong Ang Tala Para Tulungan Ang Iyong Team Sa Pangangalaga sa Kalusugan?

Gumagamit ang mga doktor, nars, mga health plan, at pampublikong mga ahensiya sa kalusugan ng tala upang:

- Makita kung alin sa mga bakuna/pagsusuri sa TB ang kailangan
- Ipaalala sa iyo ang tungkol sa mga bakunang kailangan
- Maiwasan ang sakit sa iyong komunidad
- Makatulong sa pag-iingat ng record

Maaari bang Makita ng Mga Paaralan o Iba pang Programa ang Tala?

Oo, pero limitado ito. Ang mga paaralan, pangangalaga sa bata at ibang mga ahensiya ay nagpapahintulot sa ilalim ng batas ng California na maaaring:

- Makita kung alin sa mga bakuna/pagsusuri sa TB ang kailangan ng mga bata
- Tiyakin na natutugunan ng mga bata ang mga kinakailangan para sa mga bakuna at pagsusuri sa TB na kailangan para sa pagsisimula ng pangangalaga sa bata o pagpasok sa paaralan

Anong Impormasyon Ang Maaaring Ibahagi sa Tala?

- pangalan ng pasyente, kasarian, at petsa ng kapanganakan
- mga pangalan ng mga magulang o tagapag-alaga
- limitadong impormasyon para tukuyin ang mga pasyente
- detalye tungkol sa mga bakuna ng pasyente/ pagsusuri sa TB o medikal na pagbubukod

Ang mga nakalagay sa tala ay tinuturing na tulad ng ibang mga pribadong medikal na impormasyon. Ang maling paggamit ng talaga ay may karampatang parusa. Sa ilalim ng batas ng California, tanging opisina lamang ng doktor, health plan, o tanggapan ng pampublikong kalusugan ay maaaring makakita ng adres mo at numero ng telepono. Maaaring tingnan din ng mga opisyal ng kalusugan ang tala para protektahan ang pampublikong kalusugan.

Karapatan ng Pasyente at Magulang

Na karapatan moa ng tanungin ang iyong provider:

- upang maiwasan ang ibang mga provider at mga paaralan sa pag-access sa mga record ng tala mo (o ng inyong anak)
- hindi magpadala ng mga paalala appointment ng bakuna
- para sa kopya ng mga bakuna ng inyong anak/record ng tala ng pagsusuri sa TB
- na nakakita ng mga record at baguhin ang anumang mga mali

Walang aksyon ang kinakailangan para maging bahagi ng CAIR. Ang ibang mga provider ng CAIR, paaralan, at opisyal ng kalusugan ay awtomatikong may access sa mga record mo o sa inyong anak.

Kung gusto mong limitahan kung sino ang nakakakita sa anak mo o sa mga record ng anak mo:

1. Alamin sa provider mo para Makita kung maaari nilang i-lock ang mga record mo sa CAIR
2. Kung hindi kaya ng provider mo, kumpletuhin form ng Kahilingan para I-lock ang Record Ko sa CAIR sa CAIRweb.org/cair-forms.
3. Kung magbago ang isip mo, kumpletuhin form ng Kahilingan na I-unlock ang Record Ko sa CAIR.
4. I-fax ang nakaprint na mga form sa 1-888-436-8320, o mag-email sa kanila sa CAIRHelpDesk@cdph.ca.gov.

Para sa higit pang impormasyon, makipag-ugnayan sa CAIR Help Desk sa 800-578-7889 o CAIRHelpDesk@cdph.ca.gov